



Nangyayari ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa bawat komunidad, kaya kumuha ng tulong sa iyong wika

Sa tingin mo ba ay may nagnakaw ng iyong pagkakakilanlan? I-report ito sa Tagalog.

Tumawag sa 877-438-4338 at pindutin ang 3 para makaugnayan ang isang interpreter.



Ang [Linggo ng Pagkakaroon ng Kaalaman sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan](#) ay isang mabuting panahon para matutunan ang tungkol sa kung paano makikita, maiiwasan, at maire-report ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Malamang na may kilala kang nakaranas ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Iyon ay kapag may isang taong gumagamit ng

iyong personal o pinansyal na impormasyon nang wala ang iyong pahintulot para gawin ang panloloko. Maaari itong mangyari kaninuman, sa anumang komunidad. Kaya paano ka makakakuha ng tulong sa iyong wika?

Tingnan ang bagong publikasyon na [Paano Makikita, Maiiwasan, at Maire-report ang Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan sa Iyong Wika](#) sa ftc.gov/languages. Alamin kung ano ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan, paano ito makikita, ano ang magagawa mo para maprotektahan ang iyong pagkakakilanlan, at kung saan ito ire-report at makakakuha ng tulong. Para mag-order ng mga libreng kopya sa Ingles, Espanyol, Pinasimpleng Tsino, Koreano, o Vietnamese para maibahagi sa iba, bumisita sa ftc.gov/bulkorder. Makakagawa ka ng pagkakaiba sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyong ito sa mga taong kinakailangang malaman kung paano mapoprotektahan ang kanilang impormasyon — at kung ano ang gagawin kung may pinaghihinalaan silang pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

At ngayon, mas madali na higit kailanman ang mag-report ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa FTC sa mas gusto mong wika. Kapag ikinukuwento mo ang iyong istorya, nakakakuha ka rin ng tulong sa kung ano ang susunod mong gagawin. Para mag-report sa Ingles, pumunta sa IdentityTheft.gov. Sa Espanyol, bumisita sa RobodIdentidad.gov. Kung gusto mong mag-report ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa iba pang mga wika, tumawag sa (877) 438-4338 sa pagitan ng 9am-5pm Eastern Time. Pindutin ang 3 para piliin ang iyong wika at kumonekta sa isang interpreter na kukuha ng iyong report.

Ipinapakita sa pananaliksik na nagbibigay ng mas higit pang tiwala ang mga tao sa impormasyong nakakuha nila sa mga taong pinagkakatiwalaan nila. Kaya: mangyaring ibahagi ang nalalaman mo sa pamilya at mga kaibigan sa iyong mga komunidad.